# Taguig-Pateros at ang Himagsikan ng 1896-1897

**Jomar G. Encila**


## ABSTRACT

Sentro ng pagtatatag at paglaganap ng mga sangguniang bayan at mga balangay ng Katipunan ang Hukuman ng Maynila (Provincia de Manila). Sakop nito ang magkatabing bayan ng Pateros at Taguig na makikita sa lokasyon ng pinagtatagpuan ng Ilog Pasig at Laguna de Bay. Sa kanyang *Katipunan Movement in the Provincia de Manila* (Kamaynilaan) na inialay para sa sentenaryo ng himagsikan noong 1996, inilahad ni Dr. Isagani Medina ang mga Katipunero sa dalawang bayang ito. Sa talaan naman ng mga sangay ng Katipunan


---

JOMAR G. ENCILA is a History Researcher under the City Government of Taguig. He is also a lecturer for topics or people related to the Philippine Revolution.

sa Maynila na binuo ni Jim Richardson sa kanyang the *Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897*, kumpirmado ang balangay sa Pateros samantalang walang anumang detalye ang naitala para sa Taguig. Layunin ng pananaliksik na ito ang pag-uugnay ng karanasan ng mga taumbayan ng Taguig at Pateros sa Himagsikan at maidetalye ang mga limot na rebolusyonaryo at labanang naganap dito tampok ang pakikipagtulungan nila sa mga Caviteño sa labanan noong 1-2 Enero 1897. Ilalahad din ang ginampanan nila hindi lamang para sa kanilang *pueblo* kundi pati na sa pagtatanggol sa lalawigan ng Cavite noong 1897.

**KEYWORDS**

Himagsikan, Taguig, Pateros, Katipunan, Rebolusyonaryo

## PRIMARYANG BATIS PANGKASAYSAYAN

Ang mga pangunahing batis ng himagsikan sa Taguig at Pateros ay binubuo ng mga gunita ng mga sangkot sa pag-oorganisa at mga laban ng mga reboluyonaryo. Isa rito ay si Gregorio Flores na Katipunero sa Balangay Magtanggol na kinalauna'y naging unang pangulong bayan ng Pateros (b. 1878; Disyembre 1899-1901)[1] sa lalawigan ng Rizal. Bilang kasapi ng Katipunan, siya rin ang kumatha ng *Ang Pateros at Pakikipaghimagsik Nito*[2] noong 1928. Isang buong kabanata naman sa *Gunita ng Himagsikan* ni Heneral Emilio Aguinaldo ang inilaan sa kanyang karanasan sa

Taguig at Pateros na tugma rin sa *Tala ng Himagsikan nang 1896-1897*[3] ni Carlos Ronquillo na isa ring Katipunerong Magdalo at naging tagapagsalaysay ng himagsikan. Ang dating *presidente municipal* ng Taguig na si Jose Pagtakhan (b. 1885; 1916-1925) ang may-akda ng *Ang Taguig at Ang Kanyang Kasaysayan* noong 1963 na mula sa tinipon na mga kuwentong bayan, at iba't ibang panayam sa Taguig. Si Pagtakhan ay isang *escribiente* ng kanyang ama na isang *cabeza de barangay* at nasa 11 taong gulang sa panahon ng himagsikan. Maaaring hindi siya nakabahagi rito ngunit ang kanyang mga nakalap na tala tungkol sa pagbabangon ng mga Taguigueño ay napapatotohanan at nagiging matibay sa pamamagitan ng koroborasyon sa iba pang batis tulad ng mga pahayagang *El Comercio*,[4] *El Dia, La Epoca*, atbp. na may mga ulat hango sa opisyal na telegrama tungkol sa rebolusyon o insureksiyon sa pananaw ng mga Espanyol. Kasama rin dito ang mga ulat at gunita ng Pranses na konsul na si G. de Berard mula sa aklat ni Dr. Ma. Luisa Camagay na *French Consular Dispatches on the Philippine Revolution*[5] at Tenyente Komandante Manuel Sityar ng Pasig sa kanyang *Memorias Intimas*[6] at ang ulat-gunita ng Kura Paroko ng Pateros na si Padre Tomas Espejo[7] kaugnay ng nangyaring pagsalakay ni Hen. Aguinaldo sa Taguig at Pateros.

## MGA ANAK NG BAYAN SA TAGUIG AT PATEROS

Balangay Magtanggol ang pangalan ng sangay ng Katipunan sa Pateros.[8] Ayon kay Gregorio Flores ang pagpakalat ng impormasyon tungkol sa Katipunan sa Pateros ay nagsimula noong Pebrero-Marso 1896. Ito ay sa pangunguna ng mga Katipunero mula Balangay

Kaliwanagan sa Pasay ni Valentin Esguerra[9] at ng Balangay Magtagumpay sa Kuli Kuli, Makati sa pamumuno ni Jose Victor.[10] Ang lihim na pagpapakalat ng impormasyon tungkol sa Katipunan ay isinasagawa habang nagkakaroon ng bentahan ng kalabaw sa nasabing bayan. Bago magsimula ang himagsikan ay tinatayang nasa 1,200 ang kabuoang bilang ng Katipunero sa Pateros.[11] Nagsimula naman ang paghahasik sa Pateros sa pangunguna nina Ramon Bernardo ng Pandacan,[12] Vicente Leyva[13] at Rogelio Borja ng Mandaluyong. Kinalauna'y naitatag ang Balangay Magtanggol at nahalal ang mga sumusunod sa Barrio Santo Rosario sa bahay ni Angel Francisco:

| | |
|---|---|
| Presidente | Macario Almeida (Kidlat) |
| Bise Presidente | Vicente Candichoy (Maningas) |
| Kalihim | Marcos Lozada (Bakal) |
| Tagapangasiwa ng Yaman | Hipolito Francisco (Lumaya) |
| Hukom Pamayapa | Buenaventura Morcilla (Mabalasik) |
| Kagawad Sanggunian | Esteban Quiogue (Hinahon) |
| Taga-Usig | Angel Francisco (Batibot) |
| Kagawad | Santiago Castillo (Liwanag) |
| Kagawad | Alejandro T. Santos (Apoy) |
| Kagawad | Toribio Gatpayat (Bayani) |
| Kagawad | Domingo Sanchez (Ipil) |
| Tagalibot | Angel Sacramento (Mulawin) |

Ilan sa mga nabanggit na nagsisilbi sa pamahalaang lokal ay sina Macario Almeida at Domingo Sanchez na kapuwa *cabeza de barangay* samantalang si Esteban Quioge

ay isang *directorcillo* at Buenaventura Morcilla bilang *juez de paz*. Mga *Pangulong Nayon* naman sa Pateros sina Isidoro Samaniego (Santo Rosario); Santiago Castillo (Daang Real); Perfecto Mariano (Aguho); Leoncio Monsod (Sto Rosario); Jose España Santos (Santa Ana); at Exequiel Ramos (Mamangkat). May mga *cuadrilleros* ding sumapi sa Katipunan tulad sina Teniente Alejandro T. Santos; Kabo Severo T Santos; at mga kawal na sina Matias Cruz, Pantaleon Samson, Cirpriano Ungco, Tomas Riverra, Elias Lugo, Victor Ignacio at Miguel Flores. Ang Balangay Magtanggol ay nagkaroon pa ng dalawang sangay balangay o sangguniang nayon. Ang una ay ang Sangay Maningas mula sa hasik ni Ramon Bernardo na naitatag sa Barrio Aguho kung saan nanungkulan ang mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Presidente | Vicente Candichoy (Maningas)[14] |
| Kagawad | Leoncio Castillo ( Bato ) |
| Kagawad | Angel Imson ( Kamuning ) |
| Kagawad | Gregorio Cuevas ( Banaba ) |
| Kagawad | Julian Flores ( Pandakaki) |
| Kalihim | Gregorio Flores (Makabuhay) |

Isa pang sangay balangay, ang Sumikat sa Barrio Santa Ana na naitatag mula sa unang hasik ni Vicente Leyva at pinaglingkuran ng mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Pangulo | Alejandro T. Santos (Apoy) |
| Kagawad Kalihim | Vicente Sanchez (Amihan) |
| Kagawad | Severo T. Santos (Dupil) |
| Kagawad | Hipolito Francisco (Lumaya) |
| Kagawad | Domingo Sanchez (Ipil) |

Sa Taguig naman ay mayroon ng tala ng pagpapainit ng kamalayang makabayan bago pa ang himagsikan sa pamamagitan ng pagpapakalat ng akda ni Jose Rizal sa Taguig. Ayon sa *Biografia* ni Pio del Pilar,[15] ang mga kaibigan niyang Taguigueño na sina Lino Labao Taniag at Juan Natividad ay tumulong sa kanya sa propaganda at pagpapamudmod ng aklat ni Rizal.[16] Sila rin ay mga naging tenyente sa Brigada Pio del Pilar noong Digmaang Pilipino-Amerikano. Ayon kay Dr. Medina, isang Feliciano Pagkalinawan ang naiulat ng *Cuerpo de Vigilancias* ng pamahalaang Espanyol bilang isang *agente especial* ng Katipunan sa Taguig samantalang sina Nicolas Manalo at Gregorio Salva naman ang mga *agente especial* sa Pateros.[17] Si Pagkalinawan din ang naging kauna-unahang *presidente municipal* ng Taguig sa ilalim ng pamahalaang Amerikano. Isang Gregorio Santos (Gregoriong Bokes) naman na isang pinuno ng mga Katipunero mula Ususan, Taguig na nanguna sa nabigong pagsagip sa mga nabilanggong kasamahan.[18] Ayon sa pahayagang *El Comercio* na lumabas noong ika-13 ng Nobyembre 1896, ang mga nadakip ay sina Manuel de Borja, Diego Fortis, Victorino Gregorio, Natalio Navarro, Fabian de la Cruz, Emigdio Mojica, at Matero Francisco na noo'y dadalhin na sa Muog Santiago sa Intramuros.[19] Ang nakasagupa ng grupo nina Santos ay ang mga *cuadrillero* sa pangunguna ng Kapitan na si Don Mariano Taniag kasama ang *gobernadorcillo* na si Jose Natividad.

Ang katapusan ng tagpo'y idinetalye ni Pagtakhan:

*"Sa dakong huli ay inabot ng paltik sa dulo ng itak ni Samoro ang maliit at magandang salakot ni Bokes at*

*ang salakot ay napatakip sa mukha ng may-suot, kaya't nagawa ni Samoro (Kapitan Taniag) na pabagsakan ng suson-susong taga at ulos ang kanyang kalaban. Napatay si Goriong Bokes at nabigo ang paglusob. Nagtagumpay ang panig ng pamahalaan. . ."*[20]

Dinala rin sa Maynila ang dalawa sa kasamahan ni Santos na mga sugatan, sina Julian de Bona at Fabian de Jesus. Dahil sa insidenteng ito, ipinasiya ng pamahalaang sibil ng Hukuman ng Maynila na magdagdag sa bayang ito ng puwersa ng *guardia civil* at mga *cazadores* mula sa Pasig.

## MARTIR AT REBOLUSYONARYONG PARI

May naitala ring rebolusyonaryong pari na nagmula sa bayan ng Taguig. Ang Paring Tagalog na si Valentin Taniag (Tanyag) ay tinukoy ni Ricarte na nag-udyok sa pag-atake sa mga prayle at kasamahang Espanyol na noo'y nasa istasyon sa Guiguinto, Bulacan habang naghihintay ng tren patungong Maynila.[21] Hindi man tinukoy na kasangkot sa mismong pagsalakay, ang panghihikayat ni Padre Taniag sa pangkat ni Kapitan Inocencio Tolentino ay pagganti sa mga pagpapahirap at pang-aapi nito sa Tabang, Guiguinto sa pangunguna ng paring banyagang si Leocadia Sanchez. Nakaagaw rin ng pangkat ang mga sumalakay na Pilipino ng riple, rebolber, at iba pang armas sa istasyon ng tren. Si Padre Taniag ay wala sa listahan ng mga naging kura paroko ng Taguig[22] ngunit naitalang nanilbihan sa Taytay[23] noong 1911 at namatay sa Pasig noong 1922 sa edad na 61.[24] Nabanggit din siya ni Felipe Calderon sa kanyang *Las Memorias*[25] bilang kura sa Calamba noong 1899.

Si Padre Inocencio Herrera naman ay isa ring anak ng Pateros na isinilang noong 28 Agosto 1867 sa mga magulang na sina Ignacia de Leon at Vicente Herrera.[26] Noong 1886 naging *alumno interino* siya sa *Seminario de Nueva Caceres* at *maestro de capilla*.[27] Isang kalye ang ipinangalan sa kanya na nag-uugnay sa Tabacalera at Barangay Agujo sa Pateros. Siya ay isa sa kinikilalang *Labinlimang Martir ng Bikol* (Quince Martires de Bicol) at mula sa Ambos, Camarines na dinala siya sa Luneta at doon binaril noong 4 Enero 1897.[28] Isa siya sa mga nahatulan noong 29 Disyembre 1896 sa diumano'y planong pagpatay sa mga Espanyol sa *Nueva Caceres* na kasalukuyang nasa lungsod ng Naga.[29]

## BALITA NG PAGBABANGON

Nang maging buo na ang desisyon ng pagsalakay ng Katipunan ay kagyat itong ipinarating sa mga sangguniang bayan at balangay. Dalawang beses dumating ang balita sa Pateros kaugnay ng pagsisimula ng himagsikan sa Maynila. Ang una ay noong ika-22 ng Agosto at sinundan ng isang liham noong ika-29 dala ni Leyva mula sa Supremo Andres Bonifacio na may petsang ika-28 Agosto:

*Mga Maginoong Namiminuno, Kasapi at mga Kapatid*

*"Sa inyong lahat ipinatutungkol ang pahayag na ito. Totoong kinakailangang sa lalong madaling panahon ay putulin natin ang walang pangalang panglulupig na ginagawa sa mga anak ng bayan, na ngayon ay nagtitiis ng mabigat na parusa at pahirap sa mga bilangguan, na sa dahilang ito'y mangyayaring ipatanto ninyo sa*

*lahat ng mga kapatid na sa araw ng Sabado, ika-29 ng kasalukuyang ay puputok ang paghihimagsik na pinagkasunduan natin, kaya't kinakailangang sabay-sabay na salakayin ang Maynila. Ang sino pa mang humadlang sa banal na adhikang ito ng bayan ay ipalalagay na taksil at kalaban maliban na nga lamang kung may sakit na dinaramdam o ang katawan ay may sala at sila'y pag-uusigin alinsunod sa palatuntunang pinaiiral…"*

*Andres Bonifacio*

*Bundok ng Kalayaan*

*Agosto 28, 1896*[30]

Inilahad ni Antonino Guevara sa kanyang gunita na may petsang 28 Agosto 1896, ang atas sa kanya sa Pateros, Taguig, at Pasig:

*"Pumunta ako sa Pateros ngayong araw upang makausap ang mga kapatid sa Katipunan na sina Agapito Sulit, Francisco Salva, Esteban Quiogue, ang pangulo ng bayan at ang magkapatid na Manalo. Ipinaliwanag ko ang aking pakay gayundin ang mahirap na situwasyong aming kinalalagyan. Napagkasunduan ang pagbabangon kinabukasan, ika-29, Sabado. Matapos ang aming pagpupulong ay tumungo ako sa Tagui-ig (sic) kung saan ko nakausap si Macario de Ocampo, isang guro, na tiniyak ang kahandaan ng kanilang hanay…*[31] (malayang salin)

Nanatili si Guevara sa bahay ni Francisco Manalo sa Pasig at nagmatiyag sa takbo ng mga pangyayari. Inihanda ang mga armas ng mga taga-Pateros sa magkasunod na gabi ng 27-28 Agosto sa kawayanan ni Luisa Buenaflor sa pangunguna nina Isaac Calderon, Alejandro Santos, Francisco Santos, Cenon Flores, Jacinto Asa at Simeon Lubi. Ibayong pag-iingat ang kinailangan ng mga Katipunero sa paghahanda dahil sa pagmamanman ng mga *guardia civil*.[32]

## ANG LABANAN NOONG AGOSTO 29

Una na nating banggitin na naging tahimik ang bayan ng Taguig habang may pag-aalsa sa Pateros at Pasig noong Agosto 1896.[33] Ito ay dahil sa *destacamento* ng mga *cazadores* at *guardia civil* sa tribunal ng Taguig. Dagdag pa rito ang kakulangan sa armas at mahigpit na pagmamanman sa bayan. Nakatalaga rito si Sarhento Manuel Talero na nakaugnay sa puwersa sa Pasig na nakapagpapanatili ng magandang ugnayan sa kapitan at kura paroko ng Taguig. Bago sumiklab ang himagsikan, tiniyak ng capitan municipal ng Taguig na si Juan Natividad kay Tenyente Sityar na walang balita ng mga pag-aalsa sa lugar at dagdag pa na ang mga taga-Taguig ay *mala-anghel sa kabaitan*. Ngunit nabago ito noong Enero 1897 kung kailan isang pagsalakay ang isinagawa ng mga Katipunero at di-Katipunero sa bayang ito.

Ang orihinal na plano naman ng mga Katipunero sa Pateros ay harangan ang mga daraanan ng mga kalaban na maaaring rumesponde matapos ang agaw-armas sa tribunal. Mapayapang nakubkob at nakuha ang mga armas

na ginamit sa pakikipaghamok nang gabing iyon. May mga tumanod sa Dulumbayan upang harangin ang mga paparating mula sa Taguig samantalang ang isa pang grupo ay pumusisyon malapit sa punong tulay mula naman sa Pasig. Matagumpay na naisagawa ang agaw-armas sa tribunal sa Pateros sa tulong ng mga mismong *cuadrilleros*. Nasa pagitan ng Taguig at Pasig ang Pateros. Kaya't nang magpadala ng liham si Sityar[34] kay Sarhento Talero na nasa Taguig upang papuntahin sa Pasig ilang oras bago pa magsimula ang putukan ay naengkuwentro nito ang mga Katipunerong nakatanod sa Pateros.[35] Ikasampu at kalahati ng gabi nang magsimula ang sigawan at putukan sa Dulumbayan kung saan sila nakadakip ng isang *alguacil* mula sa Taguig at napipilan ang mga *guardia civil* kasama na si Crispulo Rojas na namatay matapos mabaril sa ulo. Sa paglalarawan pa ni Flores; *Ang napipilang mga sibil na ito'y nangagbalik na sakbibi ng di matawarang katakutan sa Tagiig (sic)* Ito ang narinig ni Sityar mula sa kumbento ng Pasig. Mababakas sa gunita ni Sityar na mas nauna ang putukan sa Pateros kaysa sa pagsalakay ng mga *insurrectos* sa bahay-himpilan at kumbento ng Pasig. Ayon kay Sityar

> *"Di kaginsa-ginsa'y naputol ang naghaharing katahimikan ng mga putok ng baril na nagmumula sa Pateros. Wala nang pag-aalinlangan ito: Si Sarhento Talero, ng destacamento ng Taguig, ay sinalakay ng mga insurekto nang maparaan siya ng Pateros upang makipagkita sa akin…"*[36]

Sa petsang 29 Agosto 1896 naman ay naobserbahan ni Guevarra ang mga pangyayari sa Pasig at Pateros.[37]

> *"Pagdating ng hating-gabi ay aking natanto na hindi . . . Ang taumbayan ng Pasig at Pateros ay nagbangon at sinimulan ang pakikipaghamok habang sumisigaw ng VIVA! Para sa ating Kalayaan. Tanging mga bolo at paputok lamang ang armas ng ating mga kapatid. Nakubkob ang mga guardia civil… "* (malayang salin)

Ngunit dahil na rin sa putukan sa Dulumbayan, pumunta roon ang mga Katipunero na dapat sana ay nananatiling nakatanod sa punong tulay. Ito ang naging dahilan upang mabuksan ang daan para sa mga rumespondeng *guardia civil* mula Pasig. Ang magkasamang puwersa na unang ipinadala ni Sityar at ilang *guardia civil* na nakahimpil sa Manggahan (Libingang Bago) ay dumiretso sa Dulumbayan.[38] Lumalabas na ang Katipunero ay naipit sa magkabilang dulo, sa puwersa mula sa Taguig at puwersang nakatawid sa Punong Tulay mula Pasig.

Sa labanang ito tatlong Katipunero ang pinangalanang namatay. Sina Pedro Rosales, Eusebio Hermosa, at Guillermo Manalo na kinalauna'y dinakila sa Pateros bilang *Tatlong Bayani ng Bayan*. Noong 1922, isang monumento ang ipinatayo para sa mga bayani ng Agosto 1896 sa Pateros (Martires del '96) sa pangunguna ng Kapisanang Tabak ng Lahi. Ito ay matatagpuan sa Dulumbayan na dinisenyo ni Victor Barrientos, tubong Pateros at mula sa School of Fine Arts ng Unibersidad ng Pilipinas.[39] Sina Francisco Diego, Julian de Luna, Cipriano Ungco, Cipriano Ison, Severo T. Santos ay naitala namang sugatan. Ang iba naman ay nagkapulasan sa iba't ibang direksyon ng bayan. Matapos ang labanan, inilarawan ni Sityar ang eksena sa lansangan nang ganito:[40]

> *"Walang katao-tao sa mga kalye ng Pateros at ang pangunahing daang nag-uugnay sa Pasig, Pateros, at Taguig, at naiwanan ng malilinaw na palatandaan ng matinding paghahamok ng mga insurekto at guwardiya sibil; mga bakod na nabuwal; mga bakas ng dugo; mga bangkay; isang kahindik-hindik na tanawin!"*

## KABIGUAN AT PAGPAPATAPON

Matapos ang nabigong pagsalakay ay kumalat ang mga balita sa pahayagan. Inihayag sa *El Comercio* noong 1 Setyembre 1896, na ang karamihan sa mga napaatras na rebelde mula Taguig at Pateros ay nagkanlong sa Angono at Morong.[41] Marami ang pinaghinalaan, inaresto at ipiniit sa Kuta Santiago na kalauna'y naipatapon din sa Guam tulad nina Francisco Imson, Cayetano de la Cruz Mamerto, Marcos Rodriguez, Mariano Pangilinan, Pedro Cruz, Nicolas de Roxas, Baldomero Cruz, Valentin de la Cruz, at Gervacio Samson.[42] Ang mga cuadrillerong nakiayon sa Katipunan ay dinala naman sa kumbento ng Pasig, saka sa Intramuros at kinalauna'y ipinatapon din sa Guam sakay ng barkong *Venus* noong 3 Setyembre 1896. Nailathala din naman sa *El Comercio* noong 31 Agosto 1896 ang mga pangalan ng mga Katipunero mula sa Taguig at Pateros na itinuturing na sangkot sa pagbabangon.[43] Sila ay sina Francisco Yuson, Sixto Concepcion, Cayetano Duero, Pedro Duero, Cecilio Cagalingan, Evaristo Gabriel, Mariano Pangilinan, Nicolas de Rojas, Marcos Rodriguez, Baldomero Cruz na naaresto at dinala sa Maynila sa pangunguna ni Kapitan Francisco Duran. Ang pangulo naman ng Balangay Magtanggol at kalihim nito na sina Macario Almeida at Marcos Lozada ay

dinakip at binaril sa hangganan ng Pateros at San Joaquin noong 15 Setyembre 1896.

## PAGHINGI NG TULONG SA MGA CAVITEÑO

Kumalat ang balita tungkol sa nalalapit na kamatayan ni Jose Rizal sa Bagumbayan na nagpaningas ng damdaming makabayan ng mga Pilipino. Sa ulat naman ni Konsul de Berard, mababakas na ang taong 1897 ay batbat ng sunod-sunod na engkuwentro sa iba't ibang panig ng Luzon: *"... since 01 January, there have been daily encounters in the province of Manila, Bulacan, Pampanga, Laguna, Batangas, Bataan, Zambales with mixed results for the Spaniards..."*[44]

Ito rin ang dahilan upang ang taong bayan ng Taguig ay maligalig na sa paghahanda para sa isang totohanan at seryosong paghihimagsik. Ang mga Katipunero sa Taguig, kasama na ang marami pang iba na hindi man Katipunero ay kadamdamin nila, ay lihim na nagpulong at ipinasiya ang dapat gawin. Sila ay nagpadala ng sugo upang humingi ng tulong kay Hen. Emilio Aguinaldo para salakayin ang kumbento ng Santa Ana sa Taguig na itinakda noong 20 Disyembre 1896.[45] Hindi personal na nakapunta si Hen. Aguinaldo sa nasabing petsa ngunit nagpadala pa rin siya ng mga kawal Magdalo. Sa itinakdang araw, ang lahat ng mga kababaihan at kabataan ay sinabihang huwag magsimba samantalang ang mga lalaki naman ay lihim na nagsukbit ng mga patalim o punyal upang patayin ang mga *guardia civil* matapos ang konsekrasyon—kung saan lahat ay nakaluhod. Marahil ay natunugan na ang plano kaya walang madugong patayan sapagkat wala ni isang Espanyol ang nagsimba nang araw na iyon.

Nang maganap ang pagbaril kay Rizal sa Luneta noong 30 Disyembre 1896 lalo pang naragdagan ang pagpupuyos ng kalooban ng taumbayan. Kapuwa mga Taguigueño at Katipunero sa Pateros ang nagpasiya na humingi ng tulong kay Hen. Aguinaldo sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga sugo mula sa balangay Magtanggol. Si Hen. Aguinaldo na noo'y nagdadalamhati rin sa pagkamatay ni Rizal ay sumag-ayon sa panukala, na ipinahayag sa kanyang *Gunita*:

> *Dumating ang ilang mga kapatid natin sa Katipunan na taga-Pateros, na humingi ng tulong upang lusubin ang kampamento ng Cazadores sa kanilang bayan at ganoon din sa Tagiik. Buong galak kong tinanggap ang ganitong panukala kaya't aking pinapaghanda ang aming mga kawal.*[46]

Bago ang pagsalakay sa Taguig at Pateros, ang mga natirang tauhan sa ilalim ni Hen. Edilberto Evangelista mula sa pagkabigo sa labanan sa *Hacienda de Tunasancillo* sa Muntinlupa noong 24 Disyembre 1896 ay idinagdag sa puwersa nila Hen. Miong.[47] Ayon naman kay Padre Espejo na nakausap mismo ang Hen. Aguinaldo sa loob ng kumbento ng Pateros, nasa 3,000 ang tauhan na sumalakay mula Cavite kung saan 1,500 dito ay may mga baril.[48] Tinaya naman ni Flores na nasa 800 ang kasama ni Hen. Aguinaldo nang pumasok ito sa Pateros kabilang ang buong Estado Mayor. Tugma naman ang ulat ng Konsul de Berard at ang mga *telegramas oficiales* ng mga Espanyol na nasa 4,000 lahat ang sumalakay sa mga bayan na ito noong 1 Enero 1897.[49]

## ISANG PAGLILINAW

Kailangang linawin na si Hen. Miong ang nanguna sa pagsalakay sa dalawang bayan taliwas sa binanggit ng dalawang heneral ng Magdiwang na sina Artemio Ricarte (1927) at Santiago Alvarez (1928). Para sa kanila, si Hen. Crispulo Aguinaldo diumano ang nanguna sa pag-atake na sinundan naman ni Teodoro Agoncillo sa kanyang *Revolt of the Masses*. Hindi malinaw ang mga pahayag na ito na mula sa mga heneral na wala sa mismo noong labanan, nagkaroon din sila ng pagkalito sapagkat si Edilberto Evangelista ang naguna sa pag-atake sa Muntinlupa noong 24 Disyembre 1896 at hindi si Crispulo Aguinaldo na noo'y isa pa lamang Mariscal de Campo.[50] Dagdag pa rito, wala pa ang *Gunita ng Himagsikan* ni Hen. Aguinaldo nang unang mailimbag ni Agoncillo ang aklat noong 1956. Sa kabuoan, tinukoy nina Telesforo Canseco, Carlos Ronquillo, Jose Pagtakhan, Gregorio Flores, at Tomas Espejo na si Hen. Aguinaldo bilang namuno sa pag-atakeng ito. Malinaw rin sa mga telegramas oficiales sa mga pahayagang Espanyol tulad ng *La Epoca, El Iberia, La Union Catolica, El Dia* at iba pang nailathala noong 4 Enero 1897 (*"…el enemigo fuerte de unos 4,000 hombres, mandados por su general de kabite, Emilio Aguinaldo, que ha sido batido y rochazado al Sur, sin cinsegur su objeto…*)[51] Sa tingin naman ni Sastron, ang pag-atake ni Hen. Miong sa Pateros (at Taguig) ay may kinalaman sa ugnayan ng komuikasyon nila ni Hen. Mariano Llanera.[52]

## LABANAN NOONG ENERO 1-2 1897

Noong gabi ng 31 Disyembre 1896 nagsimulang magmartsa ang mga Caviteño sa pangunguna ni

Aguinaldo kasama sina Hen. Mariano Noriel at Hen. Pio del Pilar. Magdamag na naglakad ang kanilang tropa sa pagtatangkang matawid sa pag-uumaga ng Bagong Taon ng 1897 ang gubat at kaparangan. Unang tinungo ang kumbento ng Taguig bago sa bayan ng Pateros. Hindi natupad ng mga Taguigueño ang unang bahagi ng salitaan o usapan nila sa mga Caviteño kaugnay ng mauunang agaw-armas na mangyayari sa simbahan ng Santa Ana. Malinaw na ang tropa ni Aguinaldo ay *ang mga tataliba lamang* at ang mga Taguigueño (*ang tagaroon*) *ay siyang sisimula*.[53] Ito ang dahilan kung bakit pagkapasok pa lang ng tropa ni Hen. Aguinaldo ay napasalubungan na ito ng putukan. Nang dumating ang mga tataliba ay nakita na nilang nakapaghanda at nakapagtayo na ng mga bateria ang mga Espanyol sa simbahan.

Nagsimula ang putukan nang alas-diyes ng umaga ng 1 Enero kung saan isang Lucio Lusir (Losis) na kagyat nakapagtago sa simbahan kasunod ng mabilis na pagsalakay ng mga Taguigueño na may sakbit na gulok. Sa katabing baryo naman ng Bambang, ay isang palkonete ang pinaputok ngunit di umabot sa kahit anumang parte ng simbahan. Gamit ang kanilang bareta at palakol, sinubukan ng mga Tagalog na makapasok sa matibay na pintuan at pader ng simbahan dahilan upang sila ay paputukan ng puwersang Espanyol mula sa mga bintana ng kumbento at kampanaan.[54] Nagalak naman si Ronquillo nang makita ang mga kabinataan ng Taguig na ang iba'y tumangan ng armas habang ang karamiha'y tumulong sa pagbabangon ng trintsera.[55]

Pangalawang ginawa ay ang pagsunog sa mga kabahayang malapit sa simbahan ngunit hindi pa rin napilitang lumabas ang mga kinukubkob. Dahil ditto, ay pinagpasiyahan ni Hen. Aguinaldo na ipatanod dito si Hen. Mariano Noriel hanggang mapilitang sumuko ang mga nasa loob habang ang isa naming kasama, si Hen. Pio del Pilar ay dumiretso na sa Pateros. Bago umalis ay inatasan si Hen. Noriel na maging alerto sa mga paparating na kalaban na magtatangkang tulungan ang mga nakakulong sa simbahan.[56]

Mag-i-ika-2 ng tanghali nang dumating si Hen. Aguinaldo sa Pateros kasama ang buong Estado Mayor at mahigit 800 na kawal Pilipino. Di tulad sa Taguig, hindi nasalubong ng putukan ang tropa nina Hen. Aguinaldo. Ayon sa kura ng Pateros, dinig sa bayan ang mga naging putukan sa Taguig dahilan upang magtago ang mga tao sa mga bahay na bato, maging sa kumbento at simbahan habang ang iba naman ay tumakbo sa mga kabundukan. Masayang inilahad ni Hen. Aguinaldo sa kanyang gunita ang tuwa ng taumbayan sa kanilang pagdating at masayang paghahandog ng pagkain. Kagalakan din ang idinetalye ni Flores na dama ng taumbayan na naghahangad ng kalayaan.

> *"Sa bawat salikop ng mga daan ay nahahalayhay ang mga sari-saring pagkain: karne, baboy, at kung ano-ano pa. At ang lalong hindi dapat malimutan ay ang parang agos na di maubos-ubos na mga itlog na balot at penoy, na pinamunian ng mga kawal…"*[57]

Sa Pateros naatasan si Heneral Pio del Pilar na magtungo sa Napindan upang magbantay at harangan ang

anumang taliba ng puwersang Espanyol rito. Ang Napindan ay isang baryo ng Taguig na pinakapinto ng Laguna de Bay at Ilog Pasig. Kadikit nito ang Tipas na malaking baryo ng Taguig. kasama ang mga kawal-taumbayan, si Hen. Aguinaldo pumuwesto sa mga maaaring daanan ng mga tataliba lalo na sa mga nakubkob sa Taguig. Sa baybayin ng Pateros ay una silang nakaharang ng mga cazadores na sakay ng bapor.[58] Kasabay nito ay ang madalas naman na putukan sa Taguig dahil sa mga puwersang Espanyol mula sa iba't ibang bayan na sasaklolo sa kanilang mga kasamahan sa loob ng simbahan ng Santa Ana.[59] Ang mga ito naman ay matapang na hinarap ng taumbayan at mga rebolusyonaryo sa ilalim ni Hen. Noriel. Bago naman matapos ang araw, isa pang pulutong ng mga kalabang sakay ng bapor mula Maynila ang naharang ng taumbayan sa Pateros. Ang mga insidente ng matagumpay na pagharang ay nagbigay-lakas sa moral ng mga rebolusyonaryo. Sa kabuoan, naging matagumpay ang unang araw ng pagsalakay ng pinagsamang lakas ng mga Tagalog. Ginawang pansamantalang kuwartel naman ang kumbento ng Pateros kung saan nagkaroon ng pagkakataong makapag-usap ang kura at si Hen. Aguinaldo habang nagsasalo sa hapunan.[60] Ang pag-uusap ay hindi na naidetalye ng sinumang rebolusyonaryo maliban sa mismong kura sa kanyang ulat sa *administracion provincial*.

Kinabukasan, nananatili pa ring nakakulong ang mga *cazadores* sa loob ng simbahan ng Santa Ana samantalang mayroon pa ring pumupuwesto sa tuktok at mga bintana nito na panaka-nakang pinapuputukan ang mga rebolusyonaryong nasa ibaba. Hindi na nakasasagot ng putok ang mga rebolusyonaryo dahil na rin sa kakulangan sa bala. Ngunit mababakas na maaaring nanghihina na

ang mga nasa loob sapagkat minsan ay may natanaw pa silang *isang panyong puti na iniladlad sa isang kamay, ngunit nawala pagkatapos*.[61] Sa pangatlong pagkakataon naman ay tagumpay muli ang mga manghihimagsik sa kanilang posisyon sa Malapad na Bato nang kanilang maharang at mapaatras ang mga *cazadores* na sakay ng isang lantsa.[62]

## PAG-ATRAS

Lumawig ang labanan hanggang sa loob at labas ng Taguig at Pateros. Ayon kay Flores, may mga engkuwentro rin sa Mamangkat, San Joaquin, Sampiro, Libingang Ingles, Suwaboy, Santa Ana at iba pa na kinasangkutan ng mga anak ng Pateros.[63]

Sa kabila ng tagumpay ng mga rebolusyonaryo sa Pateros sa pagharang sa mga taliba na nagdaraan sa ilog Pasig, sa kasamaang palad ay hindi naman nagawang pigilan ang pagdaong at pagsalakay ng mga *cazadores* at *guardia civil* sa Napindan,[64] nang hapon ng ika-2 ng Enero. Lulan sila ng lantsang *Otalora* na patrolya sa Laguna de Bay sa pangunguna ni Hen. Francisco Galvis. Dahil ditto napilitan si Hen. Aguinaldo na lisanin ang puwesto sa Pateros para tulungan ang puwersa ng mga maghihimagsik sa Napindan. Dahil sa dami at laki ng puwersang Espanyol sa Napindan hindi na nagawang masupil kahit na nagtulong-tulungan sila.

Ang bahagi ng labanang ito ay naisama rin ni Konsul Berard sa kanyang ulat sa Ministeryo ng Ugnayang Panlabas ng Pransya.

> *"…but in the village of Taguig, which is part of the province of Manila and located along the banks of Laguna Lake, insurgents aided by reinforcements from Kabite laid seige to a company of chasseurs for 48 hours. After a long and hard fight, a column of reinforcements sent by Gen. (Francisco) Galvis came to the assistant of the soldiers and chased off more than 4,000 insurgents…"*[65]

Sa isang parang sa Taguig tinipon ni Hen. Aguinaldo ang makapal na taumbayang sumama sa kanilang pag-urong pag-urong patungo sa mga tiyak na bahagi ng Bacoor, Imus, at Kawit. Sa obserbasyon pa ni Ronquillo *sa pag-uwing iyon madla ang tumangis: at nang malaman nilang tumakas ang ating hukbo ay nangagsisunod ang buong bayan nang luhaan* (Medina 1). Dagdag pa ni Hen. Aguinaldo, *"…natalos ko pagkatapos na katakot-takot na kalungkutan ang naghari sa Pateros at Tagiik pagkaalis naming…"*[66]

Dahil sa kahilingan ng taumbayan ng Pateros, hindi dinakip si Padre Espejo kapalit ang pangako kay Hen. Miong na walang makukulong sa bayan na iyon, Katipunero man o *mason*. May mga dinakip naman sa Taguig sa sumbong ng isang Pedro Natividad sa Tipas dahil sa diumano'y pagtulong ng mga ito sa mga puwersang Espanyol sa pangunguna ng *capitan municipal* dito na si Juan Natividad. Matatandaan na si Juan Natividad ay nanguna sa pag-aresto sa mga Katipunero sa Taguig at kasama sa pagpigil sa mga kasamahan ni Gregorio Santos na isa ring Katipunero noong 1896. Kailangang isakonteksto na ito ay hindi pagtataksil sa himagsikan dahil hindi naman niya inalis ang kanyang katapatan sa pamahalaang Espanyol.

Kasama rin sa mga binihag ang organista sa simbahan, anak at cochero ng *capitan municipal* na si Claudio Natividad at Nicolas Malanay. Kasama rin si Juan Juta na noo'y kasalukuyang *teniente mayor* at Miguel Magsalin na hukom-tagapamayapa.[67] Ang mga ito kinalauna'y pinalaya rin sa Imus.

Ang mga paring sina Pedro Dandan[68] at Teodoro de la Cruz[69] ay kasama ring tumungo sa Cavite sa pag-atras ng hukbong Magdalo.[70] Mula sa Barrio Pasay si Padre Teodoro na humalili kay Padre Nicolas Pagtakhan bilang kura paroko ng Taguig. Maituturing din siyang rebolusyonaryong pari na kasama sa trintsera sa pakikipaglaban nakikipaglaban sa puwersang Espanyol sa Indang, lalawigan ng Cavite noong Mayo 1897.[71]

## PANUNULUYAN AT BAYANIHAN SA CAVITE

Itinuring ang Cavite bilang sentro ng paghihimagsik matapos ang tagumpay ng mga rebolusyonaryong nakipagdigmaan dito. Noon pa mang Nobyembre 1896, may mga sibilyan nang nanuluyan sa Cavite buhat sa iba't ibang bayan sa mga lalawigan ng Laguna, Batangas, at Maynila. Ayon kay Carlos Ronquillo:[72]

> *"…hindi kaila na ang Kabite ay siyang Ulo ng buong Paghihimagsik, ayon sa pagkilala ng lahat, maging taga-ibang lahi. Kaya nga't dito, marami ang nangibang-bayan pa sa mga kanugnog na lalawigan…"*

Ayon kay Telesforo Canseco ang mga taga-Pateros kasama ang mga taga-Pineda, Pandacan, Parañaque, Pasig,

Las Piñas, at Muntinlupa ay tumulong sa pagtatayo ng mga trintsera sa ilalim ng *Director de Fomento* ng Magdiwang na si Riego de Dios. Dagdag pa ni Canseco, na dumating silang lahat na masama ang sinasabi tungkol sa mga Espanyol. Nanghihikayat sila na labanan ang mga mananakop at magsipagtala bilang sundalo.[73]

Ipinahayag naman ni Hen. Miong ang kanyang galak na makita ang mga lalaki at babae anuman ang edad mula sa iba't ibang bayan na nanunuluyan sa binansagan niyang *Munting Republika ng Kabite*.[74]

> *"Kabilang pa rin ang mga taga-San Pedro Tunasan, Laguna at doon naman nagsipanirahan sa pook ng Molino, sakop din ng Bakood, bago sumunod namang dumagsa sa pook ding iyon ang mga taga-Muntinglupa, Pateros, at iba pang bayan."*

Ayon sa pag-aaral ni Glenn Anthony May sa kanyang *Civilian Flight during the Philippine Revolution of 1896,*[75] maraming sibilyan at pamilya mula sa Maynila na naitala bilang residente sa *vecindario* ng Imus, Cavite. May mga sanggol na doon na rin ipinanganak at nabinyagan. Noong Enero 1897, may 25 ang naitalang mag-asawa mula sa Taguig samantalang 29 naman nang sumunod na buwan kasama ang 10 mula sa Pateros. May mga naitalang namatay sa mga nanuluyan at doon na rin inilibing. Noong Pebrero 1897, 170 katao ang inilibing ayon sa tala ng Imus at 111 dito ay mula sa lalawigan ng Maynila kung saan 32 ang mula sa Taguig.

Ang mga nanuluyan at umatras sa Cavite matapos ang labanan sa Taguig at Pateros ay tumulong naman laban sa opensibang Lachambre mula Pebrero hanggang Marso ng taong 1897.[76] May mga Taguigueñong namatay sa labanan sa Zapote, Molino, Pintong Bato, at Dasmariñas tulad nina Juan Mendiola, Leon Ison, at Remigio Espiritu. May mga nakipaglaban naman at nanatiling buhay hangggang sa ikalawang yugto ng himagsikan tulad nina Domingo Motas Cruz, Pablo B. Santos, Pantaleon Roldan,[77] Felipe Rayos del Sol, Baltazar Capistrano, Simplicio Tolentino, at Juan Cruz.

Si Eusebio Dizon na taga-Pateros ay isang komandante na naging pinuno ng pangkat ng mga Katipunerong nakipaghimagsik sa Santa Ana, Maynila. Nabanggit din ni Carlos Ronquillo na si Dizon ay nanuluyan sa Cavite noong 1896 kasama pa ang pitong sundalong impanteriya at isang asistente.[78]

Kinalauna'y nabawi ng pamahalaang Espanyol ang probinsya ng Espanyol na naging dahilan para magsiuwi na rin at sumuko ang mga dating nanuluyan sa lalawigan. Sa opisyal na telegramang nailathala sa pahayagan noong 30 Marso 1897, inilahad ang tinatayang bilang ng mga taga-Taguig at Pateros ang umuwi na sa kani-kanilang bayan mula sa lalawigan ng Cavite. Patunay rito ang opisyal na telegrama ni Polavieja—*Presentados en Pateros 719 varones, mujeres y niños; en Taguig 178; 3,000 familias han regresado del campo enemigo a esta ciudad*.[79]

## KONGKLUSYON

Napatunayan ng pag-aaral na ito ang kontribusyon ng mga anak ng bayan ng Taguig at Pateros sa himagsikan. Ang kanilang pakikiisa sa hangaring matamo ang kalayaan at kasarinlan ay hindi lamang nila ipinamalas sa loob ng kani-kanilang bayan bagkus ay tumulong din sa pagtatanggol sa mga kababayan sa katabing lalawigan ng Cavite. Naipakita rin ang magkaibang kaganapan sa Taguig at Pateros noong 29 Agosto 1896 at mababakas ang paggalang at pagtingala ng mga kapwa kababayan kay Jose Rizal. Ang pagkabilanggo at pagpatay kay Rizal ay nagdulot ng galit sa parehong taumbayan na nagbunsod para sa labanan noong 1-2 Enero 1897. Mababakas sa paghingi ng tulong kay Hen. Emilio Aguinaldo ang paniniwala sa pag-asa na maaaring mapalaya ang kanilang lugar tulad nang naganap sa Cavite. Malinaw sa desisyon ng mga taga-Taguig at Pateros na kinailangan nila ng tulong ng dagdag na tauhan at armas ngunit higit rito ay ang istratehiya at direksyon sa pakikidigma. Ang papel na ito ay naglalahad ng mga naratibo tungkol sa Taguig at Pateros bilang mahahalagang pook ng kasaysayan ng himagsikan sa Pilipinas. Ang lokasyon ng dalawang baying ito ay lubhang mahalaga sa ekonomiya at komunikasyong militar na tagpuan ng Ilog Pasig at Laguna de Bay. Patunay rin dito ang pagbibigay-atensyong militar sa lokasyon nito noong Digmaang Pilipino-Amerikano. Sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, makikita ang magandang inter-askyon ng mga taga-Maynila at Cavite bilang mga rebolusyonaryong nagdamayan sa pangangailangan upang makamit ang iisang mithiin. Kasabay ng pagbagsak ng lalawigang Cavite

ang pagbabalik ng mga nanuluyan sa kanilang mga bayan noong 1897 ngunit muling mabubuhayan pagdating ng ikalawang yugto ng himagsikan.

## NOTES

1 Elmer Nocheseda, *Pateros* (Pateros: R.O. Santos Enterprises and Co., 2010), 265.

2 Naisapubliko ang gunita sa tulong ng anak na si Purificacion B. Flores at noong 1976 ay isinaaklat ni Martin Venago. Sinipi mula sa dokumento ng NHCP, 2014.

3 Isagani Medina. *Ilang Talata nang Paghihimagsik (Revolucion nang 1896-1897 ni Carlos Ronquillo y Valdez)*. Edisyong Pansentenaryo (Quezon City: University of the Philippines Press, 1996), 362-367.

4 Umberto Lammoglia, *Forgotten Warriors of the Katipunan: Selected Excerpts from El Comercio, Diario de la Tarde* (National Historical Commission of the Philippines, 2013), 153-154.

5 Ma. Luisa T. Camagay, *French Consular Dispatches on the Philippine Revolution* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1997), 10.

6 Manuel Sityar, *Rebolusyong Pilipino, Memorias Intimas*. Salin ni Trinidad Regala. Natuklasan noong 1995 at nailimbag noong 1998 ng Sentro ng Wikang Filipino, UP. Si Sityar ay isang mestisong Espanyol na naging opisyal ng Guwardiya Sibil sa Pasig at kinalauna'y sumapi sa hukbong Pilipino.

7 Tomas Espejo, "Una Pagina de la Revolucion Filipina. Historia o relacion circumstanciada de la expedicion del Generalisimo de Cavite Emilio Aguinaldo por los pueblos de Taguig y Pateros". *Apuntes Historicos de la Provincia Augustiniana* recopilados por

Bernardo Martinez (Madrid: Imp. del Asilo de Huérfanos del S.C. de Jesús, 1909), 494-519.

8 Martin Venago, *Ang Pateros at ang Pakikipaghimagsik Nito ni Gregorio Flores*. (1928); Isagani Medina, *Ang Katipunan sa Lungsod ng Maynila*. MSP Occassional Paper # 6, Special Centennial Edition. (Manila: Manila Studies Program College of Arts and Sciences, University of the Philippines, 1998), 69; Jim Richardson, *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897*. (Ateneo de Manila University Press, 2013), 447.

9 Naging teniente rin sa ilalim ni Heneral Pio del Pilar noong 1899. Tingnan Orlino Ochosa, *Pio del Pilar and Other Heroes* (Quezon City: New Day Publishers. 1997), 93.

10 Kilala rin bilang Tininting Jose; sa Balangay Magtagumpay naging kalihim din si Pio del Pilar. Tingnan Ochosa, 93.

11 Venago (Flores), 447.

12 Dating *capitan municipal* ng Pandacan.

13 Kilala sa tawag na Heneral Kalentong.

14 Ayon kay Flores, sa bahay ni Vicente niya unang nakadaupang-palad ang Supremo Andres Bonifacio sa isang pagpupulong rito.

15 Ochosa, 27, 96.

16 Hindi tinukoy ang pangalan ng aklat na *Noli Me Tangere* o *El Filibusterismo*.

17 Medina, 69.

18 Jose Pagtakhan. *Ang Tagig at ang KanyangKasaysayan* (Tagig, Rizal: s.n, 1963),10.

19 Lammoglia, 153-154.

20 Pagtakhan, 10.

21 Artemio Ricarte, *Himagsikan nang manga Pilipino laban sa Kastila* (Yokohama, Japan: "Karihan Café, 1927), 117-118.

22 ———. *A Gift of Faith 400 Years*. Tagig. Quadricentennial of St. Anne Parish. (Metro Manila: s.n., 1987).

23 ———. *Primer Sinodo Diocesano de Manila en los dias 19 y 20 de Abril de 1911*. (Manila: Tip. de Sto. Tomás, 1911), 158.

24 ———. *Cultura social: revista Catolica Filipina.* (Manila: Arzobispo, 1922), 195.

25 Teodoro Kalaw, "Las Memorias de Felipe G. Calderon." *The Philippine Review* (Revista Filipina) [Vol. 4, no. 1]. (Manila, 1919), 216.

26 Nocheseda, 187; Venago, 59.

27 Manuel Artigas y Cuerva, *Galeria de filipinos Ilustres: biograficas a contar desde las primeros tiempos de la dominacion Hispana, de los hijos del pais que en sus respectivas profesiones descollaran o hayan alcanzado algun puesto de distinction en Sociedad* (Manila: Imp. Casa Editora "Renacimiento", 1917), 195.

28 Jaime C. de Veyra et. al. *Efemerides Filipinas* (Maynila: Imp. y Libreria de I. R. Morales, 1914), 15.

29 Manuel Sastron. *La Insurreccion en Filipinas* (Madrid: Imp. de la viuda de M. Minueso de los Rós, 1897 )186-188.

30 Venago, (Flores) 447; Tugma sa Ingles na translasyon ni Teodoro Agoncillo sa *The Revolt of the Masses, The Story of Bonifacio and the Katipunan* Second Edition (Quezon City: University of the Philippines Press, 1956), 142.

31 Onofre Corpuz, *History of One of the Initiators of The Philippine Revolution*. (Manila: National Historical Institute, 1998), 2. Mula ito sa mga tala ni Guevara noong 1899 na nailathala sa *Imprenta La Bikolana de M. Perfecto, Nueva Caceres*. Tinutukoy ni Guevara rito ang inisyal na tagumpay ng mga Katipunero sa mga nakubkob ng bahay-himpilan sa Pasig at tribunal sa Pateros.

32 Sityar, 93.

33 Sityar, 35.

34 Si Sityar ay nasa loob ng kumbento ng Pasig habang nagaganap ang labanan sa Pateros at pagsalakay ng mga Katipunero sa Pasig.

35 Isang kusinero at cocherong si Jose Concepcion ang naatasan ni Tenyente Sityar. Sila ay hindi pinalagpas ng mga katipunero sa Pateros at pinapihit pabalik sa Pasig. Nangangahulugan na ang pagsaklolo ni Sarhento Talero kay Sityar ay hindi dahil sa liham na ipinadala ng Tenyente ng Pasig.

36 Sityar, 83.

37 Sityar, 2.

38 Ito ang kasalukuyang hangganan ng Pasig at ng Pateros sa San Joaquin. Apatnapung sundalo ang natasan ritong tumanod ni Sityar. Tingnan Sityar, 36.

39 Nocheseda, 186.

40 Sityar, 93.

41 Lammoglia, 29.

42 Venago (Flores), 44.

43 Lammoglia, 22.

44 Camagay, 10.

45 Pagtakhan, 10.

46 Aguinaldo, 185.

47 Medina, 365. Nasa limampu ang idinagdag na pwersa.

48 Espejo, 500.

49 Camagay,10; Mga pahayagan; "De Filipinas: Ataques de los rebeldes." *El Dia, Enero 4, 1897*, http://hemerotecadigital.bne.

es/issue.vm?id=0002369449&page=3&search=Taguig&lang=en; "Movimiento Separatista En Filipinas: Opeaciones en Taguig y Pasig – Derrota Del Enemigo – Ataque a Un Vapor En La Laguna (Telegramas Oficiales), " *La Epoca. Enero 4, 1897*, http://hemerotecadigital.bne.es/issue.vm?id=0000619408&page=1&search=Taguig&lang=en; "de Filipinas, (Telegramas Oficiales)," *La Iberia, Noticias Enero 4, 1897* http://hemerotecadigital.bne.es/issue.vm?id=0001789590&page=3&search=Taguig&lang=en

50 Pedro Achutegui at Miguel Bernad. *Aguinaldo and the Revolution of 1896: A Documentary History* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1972), 160.

51 Ang mga pahayagang ito ay di lamang sa Espanya kundi pati na sa Cuba at Pilipinas. Kopya mula sa *Hemeroteca Digital ng Biblioteca Nacional de Espana*.

52 Sastron, 626-628.

53 Medina, 721.

54 Pagtakhan, 10.

55 Medina, 366.

56 Emilio Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan* (National Centennial Commission and the Cavite Historical Society. Manila: Virtual Printer, 1998), 186

57 Venago (Flores), 59.

58 Aguinaldo, 186.

59 *"Nariyan ang galing - Maynila na di nakasugba sa bala; nariyan ang galing sa Binyang, Muntinlupa at iba pang bayan sa kasilanganan na hindi mabilang ang dami; nariyan ang libo-libong di masabing kapal na buhat sa Pasig at Marikina; nariyan ang kalakhang pulutong ng kabalyeriyang sa Palanyag at Las Pinas…"* Medina, 364.

60 Espejo, 499.

61 Aguinaldo, 188.

62 Ibid.

63 Venago (Flores), 61.

64 Tugma sa mga akda nina Aguinaldo, Pagtakhan, Flores gayundin sa mga pahayagang Espanyol.

65 Camagay, 10.

66 Aguinaldo,188.

67 Medina, 366.

68 Si Padre Dandan ay *coadjutor* ng Arsobispo sa katedral ng Maynila, 1895-1896. Nanuluyan sa Cavite at kalauna'y umanib din siya sa hukbo ni Licerio Geronimo sa Bundok Puray sa Montalban at nahalal naman noong 1897 bilang Gobierno Departamental del Central Luzon.

69 Ayon kay Pagtakhan, si Padre Teodoro ay may kinalaman sa tangkang pagkubkob sa simbahan ng Taguig noong Disyembre 20 na may sukbit na daga sa araw na iyon.

70 Ricarte, 39.

71 Hernandez, 255.

72 Medina, 373.

73 Jose Rhommel Hernandez, *Kasaysayan ng Paghihimagsik ng mga Pilipino sa Kabite, ni Don Telesforo Canseco* (Quezon City: Philippine Dominican Center of Institutional Studies. 1999), 165.

74 Aguinaldo, 152.

75 Glenn Anthony May. "Civilian Flight during the Philippine Revolution of 1896" sa *The Philippine Revolution of 1896:*

*Ordinary people* nina Florentino Radao at Felice Noelle Rodriguez (Quezon City: Ateneo de Manila University 2001),125-142.

76 Levi Mariano. Tagig: "Rich in Heritage". sa souvenir ng *Ika-83 Taong Kaarawan ng Bayan ng Taguig* (Kalakhang Maynila: s.n. Marso 29, 1983), n. pag.

77 Naging Pangulo ng Nayon ng Tuktukan, Taguig sa ilalim ng Unang Republika ng Pilipinas, 1899.

78 Medina, 387.

79 "En Filipinas: Noticias Oficiales". *El Dia, Martes 30 de Marzo de 1897*. http://hemerotecadigital.bne.es/issue.vm?id=0002373463&page=1&search=Taguig&lang=en; "La de Filipinas: Presentaciones". *El Correo Español, Martes 30 de Marzo 1897*. http://hemerotecadigital.bne.es/issue.vm?id=0029800217&page=3&search=Taguig&lang=en

## REFERENCES

———. *A Gift of Faith 400 Years.*Tagig. Quadricentennial of St. Anne Parish. Metro Manila: s.n. 1987.

———. *Cultura social: revista Catolica Filipina.* Manila Arzobispo, s.n. 1922.

———. *Primer Sinodo Diocesano de Manila en los dias 19 y 20 de Abril de 1911*. (Manila: Tip. de Sto. Tomás, 1911), 158.

Achutegui, Pedro at Miguel A. Bernad. *Aguinaldo and the Revolution of 1896: A Documentary History*. Quezon City: Ateneo de Manila University, 1972.

Agoncillo, Teodoro. *The Revolt of the Masses, The Story of Bonifacio and the Katipunan*. Second Edition. Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press. (1956) 2017.

Aguinaldo, Emilio. *Mga Gunita ng Himagsikan*. National Centennial Commission and the Cavite Historical Society. Manila: Virtual Printer, 1998.

Almario, Virgilio. *Rebolusyong Filipino: Memorias Intimas, Manuel Sityar, Manuel*. Sinalin ni Trinidad O. Regala. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, Universidad ng Pilipinas, 1998.

Alvarez, Santiago. *The Katipunan and the Revolution of 1896: Memoirs of a General*. Translated by Paula Carolina S. Malay. Quezon City: Ateneo de Manila University, 1992.

Artigas y Cuerva, Manuel. *Galeria de Filipinos Ilustres: biograficas a contar desde las primeros tiempos de la dominacion Hispana, de los hijos del pais que en sus respectivas profesiones descollaran o hayan alcanzado algun puesto de distinction en Sociedad*. Manila: Imp. Casa Editora "Renacimiento", 1917.

Camagay, Luisa T. *French Consular Dispatches on the Philippine Revolution* (Translated) University of the Philippines. Press. 1997.

Corpuz, Onofre. *History of One of the Initiators of The Philippine Revolution by Antonino Guevara y Mendoza*. Manila: National Historical Institute, 2009.

Espejo, Tomas. "Una Pagina de la Revolucion Filipina. Historia o relacion circumstanciada de la expedicion del Generalisimo de Cavite Emilio Aguinaldo por los pueblos de Taguig y Pateros" sa *Apuntes Historicos de la Provincia Augustiniana* recopilados ni Bernardo Martinez Madrid: Imp. del Asilo de Huérfanos del S.C. de Jesús ,1909.

Hernandez, Jose Rhommel. *Kasaysayan ng Paghihimagsik ng mga Pilipino sa Kabite ni Don Telesforo Canseco*, Philippine Dominican Center of Institutional Studies Quezon City. 1999.

Kalaw, Teodoro. "Las Memorias de Felipe G Calderon" sa The *Philippine Review (Revista filipina) [Vol. 4, no. 1]. Nieva, Gregorio, ed. 1880*, Manila, s.n. 1919.

Lammoglia, Umberto Antonio Cruz-Gallardo, *Forgotten Warriors of the Katipunan: Selected Excerpts from El Comercio, Diario de la Tarde*. Manila: National Historical Commission of the Philippines, 2013.

Mariano, Levi. Tagig: "Rich in Heritage". Sa souvenir ng *Ika-83 Taong Kaarawan ng Bayan ng Taguig*, Kalakhang Maynila: s.n. Marso 29, 1983.

May, Glenn Anthony. "Civilian Flight during the Philippine Revolution of 1896 ", 125-142. Sa *The Philippine Revolution of 1896: Ordinary people* nina Florentino Radao at Felice Noelle Rodriguez. Quezon City: Ateneo de Manila University. 2001.

Medina, Isagani. *Ilang Talata nang Paghihimagsik (Revolucion nang 1896-1897 ni Carloz Ronquillo y Valdez)*. Edisyong Pansentenaryo. Quezon City University of the Philippines Press, 1996.

Medina, Isagani. *Ang Katipunan sa Lungsod ng Maynila*. MSP Occasional Paper#6 Special Centennial Edition. 1998.

Nocheseda, Elmer. *Pateros*, Pateros: R.O. Santos Enterprises and Co. 2010.

Ochosa, Orlino. *Pio Del Pilar and Other Heroes*. Quezon City: New Day Publishers, 1997.

Pagtakhan, Jose. *Ang Tagig at ang Kanyang Kasaysayan*. Tagig, Rizal. 1963.

Ricarte, Artemio. *Himagsikang manga Pilipino laban sa Kastila* Yokohama. Japan: "Karihan Café, 1927.

Richardson, Jim. *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. 2013.

Sastron, Manuel. *La Insureccion en Filipinas y Guerra Hispano-Americana en El Archipelago*. Madrid: Imp. De la Sucesora de M. Minuesa de los Rios, 1901.

Venago, Martin. *Ang mga Paring Pilipino sa Kasaysayan ng Inang bayan*. Pasay, Rizal, 1929.

Venago, Martin. *Ang Pateros at ang Pakikipaghimagsik Nito ni Gregorio Flores*. Pasay, Rizal, 1976.

Veyra, Jaime. *Efemerides Filipinas*, Maynila: Imprenta y Libreria de I. R. Morales, 1914.

## Mga Pahayagan

"De Filipinas: Ataques de los Rebeldes." *El Dia, Enero 4, 1897*, http://hemerotecadigital.bne.es/issue.vm?id=0002369449&page=3&search=Taguig&lang=en

*En Filipinas: Noticias Oficiales. El Dia, Martes 30 de Marzo de 1897*. http://hemerotecadigital.bne.es/issue.vm?id=0002373463&page=1&search=Taguig&lang=en

*"La de Filipinas: Presentaciones". El Correo Español, Diario Tradicionalista Martes 30 de Marzo 1897.* http://hemerotecadigital.bne.es/issue.vm?id=0029800217&page=3&search=Taguig&lang=en

"Movimiento Separatista En Filipinas: Operaciones en Taguig y Pasig – Derrota Del Enemigo – Ataque a Un Vapor En La Laguna (Telegramas Oficiales )" *La Epoca. Enero 4, 1897*. http://hemerotecadigital.bne.es/issue.vm?id=0000619408&page=1&search=Taguig&lang=en

Noticias de Filipinas, (Telegramas Oficiales) *La Iberia, Enero 4, 1897* http://hemerotecadigital.bne.es/issue.vm?id=0001789590&page=3&search=Taguig&lang=en